



Sa mga dayuhang nanay sa Japan...

Hinihikayat na mag-aral ng Nihonggo.

Huwag isipin na sapat na nakakapagsalita kayo ng Nihonggo

Kapag wala pa kayong anak, maaring hindi sagabal kahit na hindi kayo marunong magsalita, sumulat o magbasa ng Nihonggo. Subalit pag may anak na kayo, maaaring makaranas ng iba't ibang problema kung hindi kayo gaaanong marunong ng Nihongo.

Makakatanggap kayo ng mga sulat mula sa kindergarten o paaralan ng inyong anak. May mga dokumento na kailangang isumite. Ang inyong asawa o mga kaibigan ay makakatulong sa pagbasa o pagsulat ng mga papeles, subalit mas maganda kung kayo mismo ang gagawa at para na din sa inyong sarili.

Ang mga magulang ang dapat magturo sa kanilang mga anak ng pagsulat ng kanilang pangalan bago pumasok sa elementarya. Sakaling may problema sa paaralan, kailangan ninyong magkonsulta sa kanilang guro. Ilang mga nanay ay nag-aatubiling makisalamuha sa parents' meeting dahil hindi sila gaanong bihasa sa salitang Nihonggo.

Makakabuti sa mga anak kung mag-aaral ng Nihonggo ang kanilang mga nanay. Sa pagpasok ng mga bata sa paaralan, madali silang matututo ng Nihonggo. Sa katagalan, mahirap nang kausapin ang inyong anak sa inyong inang wika.

Pag lumaon ay maaring aasahan ninyo ang inyong anak sa pakikipag usap sa Nihongo sa ibang tao. Matututo sila ng 1000 kanji characters sa elementarya at 1000 kanji ulit bago matapos sa junior high school. Kung kaya't hinihikayat namin ang mga nanay na mag-aral ng Nihonggo para makabasa ng mga sulat mula sa paaralan. Karamihan sa mga Nihongo classes ay libre. Kaya't huwag na tayong mag atubili at sumali na tayo sa Nihongo class.

FICEC Nihongo Class	Huwebes: 10:00 – 12:00	Fujimino International Culture Exchange Center tel: 049-256-4290	
Kamifukuoka Nishi Kouminkan Nihongo Class	Miyerkules: 10:00-12:00 Linggo: 10:00-12:00	Kamifukuoka Nishi Kouminkan Tel : 049-266-9501	
Fujimi-shi Japanese-language circle	Martes: 10:00 – 12:00 Biyernes: 13:30 – 15:30 Sabado: 14:00 – 16:00	Tsuruse Nishi culture exchange center Wakatsuki 049-254-8104	
Miyoshi Japanese Class	Miyerkules: 10:00 – 12:00	Fujikubo community center	Hirata 049-259-0240
	Sabado: 14:00 – 16:00	Takemazawa community center	

Para sa iba pang Nihongo Classes, maaari kayong magtanong sa tanggapan ng munisipyo o sa Fujimino International Culture Exchange Center (FICEC).

Sa mga nanay na hindi makapunta sa mga Japanese classes dahil abala sa pag-aalaga ng maliliit na anak o kaya'y may trabaho, makipag-ugnayaan sa Fujimino International Culture Exchange Center para sa iba pang paraan upang kayo ay makapag-aral ng Nihongo. Tumawag lamang sa **Tel: 049-256-4290**.

Pag-uulat ni Ms. Miki Yazawa

